ABISO SA DETERMINASYON NG MALUBHANG BENEPISYO

Ano ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo?

Ang Abiso sa Determinasyon ng Malubhang Benepisyo o Adverse Benefit Determination ay minsan tinatawag na NOA, ay isang form na ginagamit ng iyong plano ng county ng DMC-ODS na nagsasabi kung kalian gagawa ng desisyon ang plano kung ikaw ay makakakuha o hindi ng mga serbisyo sa papapagaling ng Medi-Cal SUD. Ang Abiso sa Determinasyon ng Malubhang Benepisyo ay ginagamit din kung kinakailangan mo ng karaingan , apila, o pinabilis na apila at hindi naresolba sa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng panahon ng plano ng county sa pamantayan ng pagbibigay ng serbisyo.

Kailan Ako Makakakuha ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo?

Ikaw ay Makakaukuha ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo :

- Kung ang plano ng iyong county o isa sa tagapagkaloob ng plano ng iyong county ay nagpasya na hindi ka kwalipikado na tumanggap ng anumang mga serbisyo sa

pagpapagaling ng Medi-Cal SUD dahil hindi mo nakamit ang pamantayan ng pangangailangang medikal.

- Kung sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ng serbisyo ng SUD at humingi ng pag-apruba sa plano ng county, ngunit ang plano ng county ay hindi sumasang-ayon at tinanggihan ang hiling ng tagapagkalooob, o pinalitan ang uri o gaano kadalas ang serbisyo. Kadalasan, matatanggap mo ang Abiso ng Determisnasyon ng Malubhang Benepisyo bago mo matanggap ang serbisyo, subalit minsan ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo ay darating pagkatapso mo matangaggap ang serbisyo, o habang tinatanggap ang serbisyo. Kung natanggap ang Abiso ng Determinasyyon ng Malubhang Benepisyo pagkatapos mo nakuha ang serbisyo, hindi mo kinakailangang bayaran ang serbisyo .
- Kung hiniling ng iyong tagapagkaloob ng plano ng county para sa pag-apruba, ngunit ang plano ng county ay kailangan ng karagdagang impormasyon upang makagawa ng desisyon at hindi nakumpleto ang pag-apruba ng proseso ng sa tpanahon.
- Kung ang plano ng iyong county ay hindi nagbigay ng mga serbisyo sa iyo base sa iyong mga timeline na inayos ng plano ng county, tumawag sa plano ng county upang malaman ang pamantayan ng pag-aayos ng timeline .
- Kung ikaw ay naghain ng karaingan sa plano ng county at hindi sumagot ang plano ng county ng kasulatang desisyon sa iyong karaingan ng 60 na araw sa kalendaryo. Kung Ikaw ay naghain ng apila sa plano ng county at ang

plano ng county ay hindi sumgot sa iyo ng kasulatang desisyon sa iyong apila sa loob ng 30 na araw ng kalendaryo, kung naghain ka ng pinabilis na apila, at hindi natanggap ang respode sa loob ng 72 na oras.

Makakakuha ba Ako ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo Kung Hindi ko Nakuha ang Nais kong Serbisyo?

May ilang mga kaso na kung saan hindi mo matatangap ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang benpisyo. Ikaw ay maaari pa ring maghain ng apoila sa plano ng county o kung iyong nakumpleto ang proseso ng apila, maaaring humiling pantay na pagdinig sa estado kung nangyari ang mga bagy na ito . Ang impormasyon kung paano maghain ng apila o hiling sa pantay na pagdinig ay kasama sa manwal na ito. Ang impormasyon ay makikita din sa opisina ng tagapagkaloob .

Ano ang Sinasabi sa Akin ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo?

Ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo ay nagsasabi ng:

- Kung ano ang ginawa ng plano ng county na maaaring makaapekto sa iyo at abilidad upang makuha ang mga serbisyo.
- Ang epektibong petsa ng desisyon at ang rason ng plano sa paggawa ng desisyon.

- Ang estado o batas pederal ng county na sumusunod ito noong ginawa ng desisyon .
- Kung ano ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumang-ayon sa ginawa ng plano.
- Paano maghain ng apila sa plano.
- Paano Humiling ng Pantay na Pagdinig sa Estado.
- Paano humiling ng pinabilis na apila o pinabilis na pantay na pagdinig.
- Paano kumuha ng tulong sa paghain ng apila o paghiling ng Pantay na Pagdinig ng Esatdo.
- Haano katagal ka maaaring maghain ng apoila o humiling nga Pantay na Pagdinig ng Estado.
- Kung ikaw ay karapt-dapat na tumanggap ng mga serbisyo habang nag-aantay ng desisyon ng Pantay na Pagdinig sa Estado.
- Kailan maghain ng Apila o paghiling ng Pantay na Pagdinig kung nais mong ipagpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Aking Gagawin Kapag Ako ay Nakakuha ng Abiso sa Determinasyon ng Lubhang Benepisyo?

Kapag nakakuha ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo, kinakailangang basahin nang mabuti lahat ng impormasyon sa form. Kung hindi mo maintindihan ang form, maaaring tumulong ang plano ng county sa iyo. Ikaw rin ay maaring humingi ng tulong sa ibang tao.

Ikaw ay maaaring humiling ng pagpapatuloy sa serbisyo na naitigil kung isinumite ang apila o isang hiling ng Pantay na

Pagdinig sa Estado. Ikaw ay dapat humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw ng kalendaryo pagktapos ng petsa ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo ay namarkahan o personal na naibigay sa iyo, o bago ang epektibong petsa ng pagbabago.

MGA PROSESO SA PAGRESOLBA SA MGA PROBLEMA

Paano Kung Hindi Natanggap ang mga Serbisyong Nais Mula sa Aking Plano ng DMC-ODS Plan?

Ang iyong plano ng county ay may paraan para sa iyo na magawa sa problema tungkol sa anumang isyu na nauugnay sa mga serbisyong pagpapagaling sa SUD na iyong natatanggap. Ito ay tinatawag na proseso sa resgresolba sa problema at maaaring kasangkot ang mga sumusunod na proseso.

1. Ang Proseso ng Karaingan – isang pagpapahayag ng pagkalungkot tungkol sa anumang tungkol sa mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD, maliban sa Determinasyon sa Malubhang Benepisyo.
2. Ang Proseso ng Pag-apila – pagsuri sa desisyon (pagtanggi o mga pagbabago sa mga serbisyo) na nagawa tungkol sa mga serbisyong pagpapagaling sa SUD ng plano ng county o ang iyong tagapagkaloob.
3. Ang Proseso ng Pantay na Pagdinig ng Estado –pagsuri upang siguraduhin na iyong natanggap ang mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD na ikaw ay may karapatan sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Sa paghain ng karaingan o apila, o Pantay na Pagdinig ng Estado ay hindi mabibilang laban sa iyo at hindi makakapaekto sa mga serbisyong iyong natatanggap. Kapag nakumpleto ang iyong karaingan o apila, aabisuhan ka ng iyong plano ng county at ibang kasangkot sa huling kinahihinatnan. Kapag nakumpleto ang pantay na Pagdinig ng Estado, aabisuhan ka at ibang nasasangkot ng State Hearing Office ng huling kinahihinatnan.

Higit pang matuto tungkol sa bawat proseso ng pagresolba sa problema sa ibaba.

Maaari ba Akong Makakuha ng Tulong sa Paghain ng Apila, Karaingan o Pantay na Pagdinig sa Estado?

Ang Plano ng county ay may mga taong magpapaliwanag sa mga proseso sa iyo at tutulong sa iyo na mag-ulat ng mga problema sa karaingan, apila, o hiling sa Pantay na Pagdinig ng Estado. Sila rin ay maaaring tumulong sa iyo na magpasya kung ikaw ay kwalipikado sa tinatawag na "pinabilis na proseso", na nangangahulugang ito ay masusuri nang mabilis dahil ang iyong kalusugan o stabilidad ay nasa panganib. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na magsagawa nito para sa iyo, kasama ang tagapagkaloob ng pagpapagaling sa SUD.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa mga **serbisyong residensyal**, maaaring tumawag sa **Jewish Family Service (JFS) Patient's Advocacy Program** sa **(800) 479-2233**.

Para sa tulong sa paghain ng **outpatient o anumang mga serbisyo sa sakit sa paggamit sa sangkap,** maaaring tumawag sa **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** sa kanilang libreng toll na numera sa **(877) 734-3258**.

Paano kung Kailangan ko ng Tulong sa Pagresolba ng Problema sa Aking Plano ng County sa DMC-ODS Ngunit Hindi Nais na Maghain ng Karaingan o Apila?

Ikaw ay maaaring makakuha ng tulong sa Estado kung ikaw ay may kahirapan sa paghanap ng tamang tao at county na makahanap ng paraan sa sistema.

Ikaw ay maaaring makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na opisina ng tulong legal o ibang mga grupo. Ikaw ay maaaring magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o libreng tulong legal mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag sa libreng toll: 1-800-952-5253
Kung ikaw ay bingi at gumagamit ng TDD, tumawag sal: 1-800-952-8349

ANG PROSESO NG KARAINGAN

Ano ang karaingan?

Ang karaingan ay isang pagpapahayag ng pagkalungkot tungkol sa isang bagay sa iyong serbisyo ng pagpapagaling sa SUD na hindi isa sa mga problema na nasasakupan ng apila at proseso ng Pantay na Pagdinig ng Estado.

Ang proseso ng karaingn ay:

- Kasama ang simple, madaling maintindihan na alituntunin na maaring pahintulutan ka na ipakita ang iyong karaingan sa panalita o sa kasulatan.
- Hindi ito bilang laban sa iyo o ang iyong tagapagkaloob sa anumang bagay.
- Payagan ka na magbigay pahintulot sa ibang tao para gumanap para sa iyo, kasama ang tagapagkaloob. Kung pinahitulutan mo ang ibang tao para gumanap para sa iyo, ang plano ng county ay maaring humingi sa iyo na lagdaan ang form na magpahintulot sa plano na magbigay ng impormasyon sa taong iyon.
- Siguraduhin na ang mga taong gumagawa ng mga pasiya ay kwalipikado na gawin ito at hindi nakasama sa mga nakaraang antas ng pagsusuri ng paggawa ng mga pasiya.
- Pagkilala sa mga papel at responsibilidad mo, ang iyong plano ng county at ang iyong tagapagkaloob.
- Magbigay ng resolusyon para sa karaingan hinaing sa balangkas ng panahon.

Kailan ako Pwede Maghain ng Karaingan?

Maari kang maghain ng karaingan sa plano ng county kung ikaw ay hindi masaya sa serbisyo ng pagpapagaling sa SUD na iyong tinatanggap sa plano ng county o mayroon kang ibang pag-aalala tungkol sa iyong plano sa county.

Paano Maghain ng Karaingan?

Maari kang tumawag sa mga numero ng telepono ng ahensya ng pagtataguyod na nakalista sa ibaba para humingi ng tulong ng karaingan. Ang county ay magbibigay ng mga self-addressed na mga sobre sa lahat ng lugar ng tagapagkaloob para maipadala mo ang iyong karaingan. Ang karaingan ay maaring ihain sa pamamagitan ng pananalita o sa kasulatan. Ang mga hinaing sa pananalita ay hindi kailangang masundan ng kasulatan.

Para sa tulong sa mga karaingan tungkol sa mga **serbisyong residensyal,** maari kang tumawag sa **Jewish Family Service (JFS) Patient's Advocacy Program** sa **(800)479-2233.**

Para sa tulong ng mga karaingan tungkol sa mga **outpatient o anumang serbisyo sa sakit ng paggamit ng sangap,** maari kang tumawag sa **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** o sa kanilang libreng toll na numero sa **(877) 734-3258**

Paano ko Alam Kung Natanggap ng Plano ng County ang Aking Karaingan?

Ipapaalam sa iyo ng iyong plano ng county kung natanggap ang iyong karaingan sa pagbibigay ng kumpirmasyon sa kasulatan.

Kailan Mapagpapasyahan ang Aking Karaingan?

Ang plano ng county ay gagawa ng pasiya tungkol sa iyong karaingan sa loob ng 60 na araw sa kalendaryo mula sa araw na inihain mo ang iyong karaingan. Ang balangkas ng panahon ay maaring mapahaba ng hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung humingi ka ng pagpapalawig, o kung ang plano ng county ay maniniwalang kailangan ng karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan. Ang halimbawa ng pagkaantala ay para sa iyong kapakanan ay kung maniniwala ang county na ang iyong karaingan ay maresolba kung ang plano ng county ay magkakaroon pa ng mas maraming oras para makakuha ng impormasyon sa iyo at sa mga taong kasapi.

Paano Ko Alam Kung ang Plano ng County ay Nakagawa ng Pasiya Tungkol sa Aking Karaingan?

Kung nagawa ang pasiya tungkol sa iyong karaingan, aabisuhan ka ng plano ng county o ang iyong kinatawan ang pasiya sa pamaagitan ng kasulatan. Kung bigo ang iyong plano ng county na abisuhan ka o sinumang apektadong partido ng karaingan sa tamang panahon, ang plano ng county ay magbibigay sa iyo ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo para

payuhan ka sa iyong karapatan na humiling ng Pantay na Pagdinig ng Estado. Ang iyong plano ng county ay magbibigay sa iyo ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo sa araw na ang balangkas ng panahon ay magkawalang bisa.

Mayroong Bang Taning sa Paghain ng Karaingan?

Ikaw ay maaaring maghain ng karaingan sa anumang oras.

ANG PROSESO NG APILA (karaniwan at Pinabilis)

Ang iyong plano ng county ay responsable sa pagpayag sa iyong hiling na suriin ang pasiya na ginawa tungkol sa mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD sa pamamagitan ng plano o ang iyong tagapagkaloob. May dalawang paraan para makahiling ka ng pagsusuri. Ang isang paraan ay ang proseso ng karaniwang apila. Ang ikalawa ay ang paggamit proseso na pinabilis na apila. Ang dalawang paraan ng apila ay halos magkapareho; subalit, mayroong mga tiyak na mga kailangan para mapabilang sa pinabilis na apila. Ang mga tiyak na kailanganin ay naipaliwanag sa ibaba.

Ano ang Karaniwang Apila?

Ang karaniwan na apila ay isang kahilingan para suriin ang problema na mayroon ka sa plano at sa iyong tagapagkaloob na maaring kasama ang pagtanggi o mga pagpalit ng serbisyo na sa

iyong tingin ay kinakailangn. Kung hiniling mo ang karaniwang apila, ang plano ng county ay magkaroon ng hanggang 30 araw para suriin ito. Kung sa tingin mo ay ang 30 araw na paghihintay ay makakasama sa iyong kalusugan, humingi ka ng 'pinabilis na apila'.

Ang proseso ng karaniwang apila ay:

- Payagan kang maghaing ng apila nang personal, sa telepono, o sa kasulatan. Kung isusumite mo ang iyong apila nang personal o sa telepono, kailangan pasundan mo ng nilagdaang kasulatan na apila. Maari kang humingi ng tulong para sumulat ng apela. Kung hindi mo mapasundan ng nilagdaang kasulatan na apila, ang iyong apila ay hindi mapagpapasiyahan. Subalit, ang petsa na iyong isinumite ang apila na pasabi ay ang petsa ng paghain.
- Siguraduhin mo na ang paghain ng apila ay hindi makakasama sa iyo o sa iyong tagapagkaloob sa anumang paraan.
- Payagan ka na magbigay ng pahintulot sa isang tao para gumanap para sa iyo, kasama ang tagapagkaloob. Kung pinahintulutan mo na gumanap para sa iyo, maaaring tanungin ka ng plano na lumagda sa form para mapahintulutan ang pagbigay impormasyon sa taong iyon.
- Hilingin ang pagpapatuloy ng iyong benepisyo sa paghiling ng apila sa loob ng balangkas na panahon, na 10 araw ng kalendaryo mula sa araw ng ibinigay sa iyo

ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo. Hindi ka kailangang magbayad ng patuloy na serbisyo habang ang apila ay nakabinbin. Kung hihiling ka ng patuloy na serbisyo, at ang huling pasiya ng apila ay tiyak na bawasan o hindi ituloy ang tinatanggap mong serbisyo, ikaw ay maaaring magbayad ng naibigay na serbisyo habang nakabinbin ang apila;

- Siguraduhin na ang mga tao na gagawa ng pasiya ay karapatdapat at hindi nakasali sa anumang antas ng pagsusuri o paggawa ng pasiya.
- Payagan ka at ang iyong kinatawan upang pag-aralan ang iyong case file, kasama ang iyong medikal na rekord , at anumang mga dokumento o mga talaan na maaring isama habang ginagawa ang proseso ng iyong apila, bago at sa kasalukuyang proseso ng apila.
- Payagan ka sa isang makabuluhang pagkakataon para ipakita ang patunay at mga alegasyon ng katotohanan o batas, nang personal o sa kasulatan.
- Payagan ka, o ang iyong kinatawan, o legal na kinatawan ng isang namayapang kasapi na kasama sa mga partido ng apila.
- Ipaalam sa iyo na ang iyong apila ay sinusuri sa pamamagitan ng pagbigay ng kumpirmasyon sa kasulatan.
- Ipapalam sa iyo ang iyong karapatan na humingi ng Pantay na Pagdinig sa Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apila.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apila?

Ikaw ay maaaring maghain ng apila sa iyong Pano ng county sa DMC-ODS:

- Kung ang iyong county o isa sa mga nakakontratng tagapagkaloob ng county ay nagpasiya na hindi ka karapatdapat na makatanggap ng anumang serbisyo ng pagpapagaling sa Medi-Cal SUD dahil hindi mo natugunan ang mga pamantayan sa pangangailangang medikal .
- Kung sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ng serbisyo ng pagpapagaling ng SUD at humingi ng pahintulot sa plano ng county , ngunit hindi sumang-ayon at tumanggi ang hiling ng tagapagkaloob, o pinalitan ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung ang iyong tagapagkaloob ay humingi sa plano ng county ng pahintulot, pero kailangan pa ng karagdagang impormasyon ang plano ng county upang makagawa ng desisyon at hindi natapos ang proseso mg pag-apruba sa tamang panahon.
- Kung hindi naibigay ng plano ng county ang mga serbisyo sa iyo base sa itinakdang panahon ng inayos ng plano ng county.
- Kung sa tingin mo ang plano ng county plan ay hindi binibigay ang serbisyo kaagad para sa iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong karaingan , apila o pinabilis na apila ay hindi nalutas sa tamang panahon

- Kung ikaw at ang iyong tagapagkaloob ay hindi sumasang-ayon sa mga serbisyo ng na kinakailangan sa SUD.

Paano Ako Maghain ng Isang Apila?

Tignan sa harapang bahagi ng manwal na ito para sa impormasyon kung paano maghain ng apela sa inyong plano ng county. Maari mong tawagan ang libreng toll na numero ng telepono ng inyong plano ng county para humingi ng tulong sa paghain ng apila. Ang plano ang magbibigay ng self-addressed na sobre at lahat ng mga lugar ng tagapagkaloob para maipadala mo ang apila sa koreo.

Paano ko Malalaman Kung Napagpasyahan ang Aking Apila?

Ang iyong plano ng county ng DMC-ODS ay mag-aabiso sa iyo o ang iyong kinatawan sa kasulatan tungkol sa pasiya ng iyong apila. Ang abiso ay may sumusunod na impormasyon:

- Ang resulta ng proseso ng resolusyon sa apila.
- Ang petsa na ginawa ang pasiya ng apila.
- Kung ang apila ay hindi naresolba nang buo na pabor sa iyo, ang abiso ay maglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan para sa Pantay na Pagdinig sa Estado at pamamalakad sa paghain ng Pantay na Pagdinig sa Estado

May Taning ba sa Paghain ng Apilal?

Kinakailangan na maghain ng apila sa loob ng 60 araw ng kalendaryo sa petsa ng aksyon ng pagapila noong nakuha mo ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo. Laging tandaan na hindi ka laging mabibigyan ng Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo. Walang taning sa paghain ng apila kung hindi mo nakuha ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo; kaya maaari kang maghain ng uri nitong apila sa anumang oras.

Kailan Magagawan ng Pasiya ang Aking Apila?

Ang plano ng county ay kailangang magpasiya sa iyong apila sa loob ng 30 araw ng kalendaryo kapag natanggap ng plano ng county ang iyong apila. Maaaring mapalawig ang mga time frames hanggang sa 14 na araw ng kalendaryo kung hihingil ka ng pagpalawig, o kung naniniwala ang plano ngang county na may pangangailangan sa karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong benepisyo. Halimbawa ng kung ang pagkaantala ay para sa iyong benepisyo ay kung pinaniniwalaan ng county na maaring maaprubahan ang apila kung ang plano ng county n ay magkaroon pa ng sapat na panahon para kumalap ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong tagapagkaloob.

Paano Kung Hindi Ako Makapag-antay ng 30 na Araw para sa Desisyon ng Aking Apila?

Ang proseso ng apila ay maaring mas mabilis kung kwalipikado para sa pinabilis na proseso ng apila.

Ano ang Pinabilis na Apila?

Ang pinabilis na apila ay isang mas mabilis na paraan sa pagpasiya ng apila. Ang proseso ng pinabilis na apila ay sumusunod sa parehong proseso sa karaniwang proseso ng apila. Subalit,

- Dapat tugunan ang iyong apila ang ilang mga pamantayan
- Ang proseso ng pinabilis na apila ay sumusunod din sa ibat-ibang taning kaysa sa karaniwang mga apila.
- Maaari kang humiling nang pasalita para sa pinabilis na apila. Hindi mo kailangang ilagay sa kasulatan ang iyong hiling sa pinabilis na apila.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pinabilis na Apila?

Kung sa tingin mo na ang paghintay sa 30 na araw ng kalendaryo para sa karaniwang pagpasiya sa apila ay maaaring mailagay ang iyong buhay, kalusugan o abilidad na maabot o makuha ang pinakamattas na katungkulan sa alanganin, maari kang humiling ng pinabilis na resolusyon para sa isang apila. Kung sumasang-ayon ang plano ng county na natugunan ng iyong apila ang mga pamantayan para sa pinabilis na apila, ang iyong plano ng county

ay magpapasiyahan ang iyong pinabilis na apila sa loob ng 72 na oras pagkatapos na matanggap ng plano ng county ang apila. Ang mga timeframes ay maaaring mapalawig hanggang 14 na araw ng kalendaryo kung ang hiling ng mapapalawig, o kung ang plano ng county ay nagpapakita na kinakailangan ng karagdagang impormasyo at ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan. Kung pinalawig ng iyong plano ng county ang iyong timeframe, ang plano ay magbibigay ng kasulatang nagpapaliwanag kung bakit ang mga timeframes ay pinalawig.

Kung ang plano ng county ay magpapasiya na ang iyong apila ay hindi karapat-dapat sa pinabilis na apila, ang plano ng county ay gagawa ng makabuluhang gawain para mabigyan ng agarang abiso at maabisuhan ka sa kasulatan sa loob ng 2 araw ng kalendaryo at magbigay ng dahilan para sa pasiya. Kung hindi ka pumayag sa pasiya ng county at iyong apila ay hindi natugunan ang pamantayan ng pinabilis na apila, maaari kang maghain ng karaingan.

Kapag naresolba ng plano ng county ang iyong pinabilis na apila, aabisuhan ka ng plano at lahat ng naapektong mga partido sa salita at kasulatan.

ANG PROSESO NG PANTAY NA PAGDINIG SA ESTADO

Ano ang Pantay na Pagdinig sa Estado?

Ang Pantay na Pagdinig sa Estado ay isang pansariling pagsusuri ng California Department of Social Services upang siguraduhin

na matatangap ang mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD na kung saan ikaw ay karapat-dapta sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Ano ang Aking mga Karapatan sa pantay na Pagdinig ng Estado?

Ikaw ay may karapatan sa :

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng California Department of Social Services (tinatawag din na Pantay na Pagdinig sa Estado)
- Pagsabihan ka tungkol sa kung paano magtanong sa Pantay na Pagdinig ng Estado.
- Pagsabihan ka tungkol sa mga alituntunin na namamahala sa kinatawan ng Pantay na Pagdinig ng Estado.
- Magkaroon ng pagpapatuloy na benepisyo kung iyong hniling habang nasa proseso ng Pantay na Pagdinig ng Estado kung humingi ka ng Pantay na Pagdinig ng Estado sa loob ng kinailangang balangkas ng panahon.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pantay na Pagdinig ng Estado?

Ikaw ay maaaring maghain ng Pantay na pagdinig sa Estado:

- Kung nakumpleto mo ang proseso ng apla ng plano ng county
- Kung ang iyong county o isa sa mga nakakontratang tagapagkaloob sa county ay nagpasiya na hindi ka

karapat dapat na tumanggap nang anumang serbisyo ng pagpapagaling sa Medi-Cal SUD dahil hindi mo natugunan ang pamantayan ng pangangailangn medikal.

- Kung sa tanghin ng iyong tagapagkaloob ay kailangan mo ng serbisyo ng pagpapagaling sa SUD at humingi ng pahintulot sa plano ng county ngunitt hindi sumasang-ayon at natanggihan ang tagapagkaloob ang iyong hiling, o napalitan ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung ang iyong tagapagkaloob ay humingi sa plano ng county ng pahintulot, ngunit kinakailangn pa ng county ng karagdagang impormasyon upang makagawa ng pasiya at hindi natapos ang proseso sa tamang panahon.
- Kung ang plano county ay hindi nagbigay ng serbisyo base sa itinakdang panahon ng county.
- Kung sa tingin mo ang plano ng county plan ay hindi nagbibigay ng serbisyo kaagad upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong karaingan, apila o pinabilis na apila ay hindi naresolba sa tamang panahon
- Kung ikaw at ang iyong tagapagkaloob ay hindi sumasang-ayon sa mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD na iyong kailangan.

Paano ako Maghain ng Pantay n a pagdinig sa Estado?

Maari kang dumirektang humiling ng Pantay na Pagdinig sa Estado mula sa California Department of Social Services.Maari kang magtanong sa Pantay na Pagdinig sa estado sa pamamagitan ng pagsulat sa :

State Hearings Division California Department of Social Services
744 P Street, Mail Station 9-17-37 Sacramento, California 95814

Ikaw rin ay maaaaring tumawag sa 1-800-952-8349 o sa TDD 1-800-952-8349.

Mayroon bang Taning sa Paghain ng Pantay na pagdinig ng Estado?

Mayroon kang lamang 120 na araw sa kalendaryo para humiling ng Pantay na pagdinig sa Estado. Ang 120 na araw ay magsimula sa araw pagkatapos maibigay nang personal ng plano ng county sa iyo ang abiso sa pasiya ng apila, o sa araw pagkatapos ng petsa ng pagtatak ng pagtanghgap ng iyong abiso sa pagpasiya sa apila ng county. Kung hindi mo natanggap ang Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo, maari kang maghain sa anumang oras sa pantay na Pagdinig sa Estado.

Maaari ko Bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyo Habang Inaantay ang Desisyon sa Pantay na Pagdinig sa Estado?

Oo, kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng pagpapagaling at nais mong ituloy ang pagpapagamot habang ikaw ay umapila, maaari kang humiling sa Pantay na Pagdinig ng Estado ng sa loob ng 10 araw mula sa araw ng natanggap mo ang abiso ng pasiya ng apila na may natatakan o naibigay sa iyo O bago ang araw na

ang County Plan ay nagsabi na maititigil o mababawasan ang mga serbisyo. Noong humiling ka ng Pantay na pagdinig sa Estado , kinakailangn mong sabihin na nais mong ipagpatuloy ana pagtanggap ng pagpapagamot. Sa karagdagan, hindi mo kailangang magbayad ng natanggap na serbisyo habang ang Pantay na pagdinig sa Estado ay nakabinbin.

Kung nais mong hilingin na ipagpatuloy ang benepisyo, at ang huling pasiya ng Pantay na Pagdinig ng Estado ay kinumpirma ang desisyn sa pagbawas o paghinto ng serbisyong na iyong tinatanggap,maaaring kailangan mong magbayad ng serbisyo habang ang pantay na pagdinig sa estado ay nakabinbin.

Paano Kung Hindi ako Makapag-antay ng 90 na Araw para sa Pasiya ng Pantay na Pagdinig ng Estado?

Maari kang humingi ng pinabilis (mabilisan) na Pantay na Pagdinig sa Estado kung sa tingin mo and karaniwang 90 na araw ng kalendaryo na balangkas ng panahon ay magdudulot ng malubhang problema sa iyong kalusugan, kasama ang mga problema sa abilidad na makakuha, manatili, o gumawa ng mga mahalagang tungkulin sa buhay. Ang Department of Social Services, State Hearings Division, ay magsusuri ng iyong kahilingan para sa pinabilis na Pantay ng Pagdinig sa Estado at magpapasiya kung karapatdapat. Kung ang hiling ng pinabilis na pagdinig ay naaprubahan, ang pagdinig ay mangyayari at ang pasiya sa pagdinig ay maibibigay sa loob ng 3 araw ng negosyo sa petsa na tinanggap ang iyong hiniling ng State Hearings Division.

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA NG MEDI-CAL NG ESTADO NG CALIFORNIA

Sino ang Makakakuha ng Medi-Cal?

Ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal kung ikaw ay isa sa mga nasa grupo:

- 65 anyos, o mas matanda
- Nasa 21 na taong gulang pababa
- Isang adulto, sa pagitan ng 21 at 65 sa na karapat-dapat base sa kita
- Bulag o may kapansanan
- Buntis
- Ilang mga refugees, o migrante mula Cuba/Haiti
- Tumatanggap ng pangangalaga sa isang nursing home

Ikaw ay kinakailangan nakatira sa California upang maging kwalipikado sa Medi-Cal. Tumawag o pumunta sa iyong lokal na mga opisina ng panlipunang serbisyo ng county upang makahingi ng aplikasyon ng Medi-Cal , o kumuha ng isa sa internet sa http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/pages/ApplyForMedi-cal.aspx

Kailangan ko bang Magbayad para sa Medi-Cal?

Ikaw ay maaaring magbayad ng Medi-Cal depende sa halaga ng salapi na nakukuka o kita sa bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kinakailangan na magbayad ng mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong kita ay mas malaki sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kinakailangan mong magbayad ng ilang salapi para sa iyong medikal o mga serbisyo sa pagpapagaling sa SUD. Ang halag ng iyong binayad ay tinatawag na 'bahagi ng gastusin" o 'share of cost.' Kapag nabayaran ang iyong 'bahagi ng gastusin', ang Medi-Cal ay magbabayad ng ibang sakop ng mga medikal bills sa buwan na iyon. Sa mga buwan na wala kang mga gastusin sa medikal, waka kang babayaran.
- Kung kinakailangan mo na magbayad ng 'co-payment' sa anumang pagpapagamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ito ay nangangahulugan na kinakailangan mo magbayad sa labas ng iyong bulsa sa bawat panahon na makakuha ng medikal o serbisyong pagpapagaling sa SUD o ang rinesetang gamot (medikasyon) at co-payment kung pumunta ka sa silid ng emerhensiyang hospital para sa regular ng mga serbisyo. Sasabihin sa iyo ng iyong tagapagkaloob kung kinakailangan mo gumawa ng co-payment.

Sakop ba ng Medi-Cal ang Transportasyon?

Kung ikaw ay may kahirapan sa pagpunta sa iyong medikal na appointment o pagpapagaling sa drug at alkohol na mga

appointment, ang programang Medi-Cal ay makakatulong sa iyo makahanap ng transportasyon.

- Para sa mga bata, ang programang Child Health and Disability Prevention (CHDP) ay makakatulong (619-692-8808). Maaari mo ring makipag-ugnay sa Healthy San Diego sa 619-515-6584 o makipag-ugnay sa Medi-Cal Health Care Provider. Ikaw rin ay makakakuha ng impormasyon online sa pagpunta sa www.dhcs.ca.gov, at i-click ang 'Services' at pumunta sa 'Medi-Cal.'
- Para sa mga adulto, ang iyong opisina ng panlipunang serbisyo ng county ay makakatulong. Maaaring tumawag sa Healthy San Diego sa 619-515-6584 o makipag-ugnay sa iyong Medi-Cal Health Care Provider. Maaari ka ring makakuha ng impormasyon online sa pagbisista *sa* www.dhcs.ca.gov, at i-click ang 'Services' at 'Medi-Cal.'
- Magagamit ang serbisyong transprtasyon para sa lahat ng serbisyong pangangailangan, kasama ang mga hindi kasama sa programa ng DMC-ODS program.
- Kung ikaw ay nakatala sa Medi-Cal Managed Care Plan (MCP), kinakailangan ng MCP na tumulong sa transportasyon ayon sa Seksyon 14132 (ad) ng Welfare and Institutions Code. Magagamit ang serbisyong Transportasyon sa lahat ng serbisyong pangangailangan, kasama ang mga hindi maisama sa programa ng DMC-ODS program.

MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG MGA MIYEMBRO

Ano ang Aking mga Karapatan Bilang Tumatanggap ng mga Serbsyo ng DMC-ODS?

Bilang isang tao na karapat-dapat para sa Medi-Cal at naninirahan sa pilot program ng DMC-ODS ng county, ikaw ay maya karapatan na tumanggap ng mga pangangailangang medikal na kinakailangan sa serbisyo ng pagpapagaling sa SUD mula sa plano ng county. Ikaw ay may karapatan sa:

- Bigyan ng respeto, pagbigay ng konsiderasyon sa iyong karapatan sa privacy at ang pangangailangan na panatilihing kumpidensyal ang iyong medikal na na impormasyon.
- Tumanggap ng impormasyon na magagamit sa opsyon ng pagpapagaling at mga alternatibo, na ipinakita sa paraan na naaayon sa kondisyon ng Miyembro at abilidad na makaintindi
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga sa SUD, kasama ang karapatan na tumanggi sa pagpapagaling.
- Tumanggap ng tamang panahon ng pag-acces sa pangangalaga, kasama ang mga serbisyo na makukuha 24 oras bawat araw, 7 araw sa isang lingo, kung may pangangailangang medikal na pagpapagaling sa emerhensiyang kondisyon o sa isang kondisyon na gumugiit o krisis.
- Pagtanggap ng impormasyon sa manwal na ito tungkol sa mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD treatment na

sakop ng planong DMC-ODS ng county, ibang obligsyon ng plano ng county at ang iyong karapatan na natukoy dito.

- Protektahan ang iyong kumpidensyal na pangkalusugang impormasyon
- Humiling at tumanggap ng kopya ng iyong medikal na mga rekords at humiling na maaaring mapalitan o maituwid na naitukoy sa 45 CFR §164.524 at 164.526.
- Tumanggap ng kasulatang mga materyales bilang alternatibong mga forms (kasama ang Braille, malaking printa, at audio pormat) sa hiling at sa tamang kapanahunan na naaayon sa pormat na hinihiling.
- Tumanggap ng mga serbisyong nang pasalita para sa nais na wika.
- Tumanggap ng mga serbisyo ng pagpapagaling sa SUD mula sa plano ng county na sumusunod sa mga pangangailangn ng kontrata sa Estado sag a lugar na magagamit ang mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng panganagalaga, at sakop at awtorisasyon ng mga serbisyoa.
- Pag-access sa Minor Consent Services, kung ikaw ay minor de edad.
- Pag-access ng mga out-of-network na mga serbisyo na may pangangailangang medikal sa tamang oras, kung ang plano ay walang tauhan o nakakontratang tagapagkaloob namakapagbibigay ng mga serbisyo. Ang "Out-of-Substance Use Disorder Provider" ay nangangahulugang mga tagapagkaloob na hindi nasa listahan ng tagapagkaloob ng plano ng county.

Kinakailangan ng county na siguraduhin na hindi ka magbabayad ng anumang ekstra sa pagtingin ng out-of-Substance Use Disorder Provider. Maaaring ring makipag-ugnay sa Access and Crisis Line sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para sa impormasyon kung paano mo matatatanggap ang mga serbisyo mula sa out-of-network Substance Use Disorder Provider.

- Humiling ng pangalawang opinion mula sa kwalipikadong propesyonal na tagapangalaga sa kalusugan sa network ng county network, o sa labas ng network, nang walang karagdagang bayad mula sa iyo.
- Maghain ng karaingan, pasalita o kasulatan, tungkol sa organisasyon o natanggap na pangangalaga.
- Humiling ng apila, pasalita o sa kasulatan, sa pagtanggap ng abiso ng determinasyon ng malubhang benepisyo .
- Paghiling sa Medi-Cal ng pantay na pagdinig sa Estado, kasama ang impormasyon sa mga pangyayari sa ilalim ng pinabilis na pagdinig ay posible .
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o seklusyon na ginamit bilang paraan sa coersyon, desiplina , kaginhawaan, o retalyasyon.
- Maging malaya sa pagganap ng mga karapatan nang walang malubhang pag-apekto kung paano ka trinato ng plano ng county, mga tagapagkaloob , o ang Estado.

Ano ang aking mga Responsibilidad bilang Tumatanggap ng mga Serbisyo ng DMC-ODS ?

Bilang tagatanggap ng mga serbisyo ng DMC-ODS, responsible ka sa :

- Basahin nang masinsinan ang impormasyon sa materyales na iyong natanggap mula sa county plan. Itong mga materyales na ito ay makakatulong sa sa pag-intindi sa mga serbisyo na magagamit at paano makakakuha ng pagpapagaling kung kinakailangan ito.
- Dumalo sa mga nakaiskedyul ng pagpapagaling. Ikaw ay magakakaroon ng pinakamabuting resulta kung sinusunod mo ang plano ng pagpapagaling. Kung kailangan mong kanselahin ang iyong appointment, tumawag sa iyong tagapagkaloob nga mas maaga sa loob ng 24 oras at muling i-skedyul sa ibang araw at oras.
- Lagging dalhin ang ID kard ng Medi-Cal (county plan)at isang photo ID kung ikaw ay dumadalo sa pagpapagaling.
- Ipagbigay alam sa iyong tagapagkaloob kung kailangan mo ng tagasalin bago ang iyong appointment.
- Sabihin lahat sa iyong tagapagkaloob lahat ng iyong pag-alalang medikal upang maging tumpak ang iyong plano. Kung kumpleto ang naibahaging impormasyon ng iyog pangangailangan, mas magiging matagumpay sa pagpapagaling .
- Siguraduhin na tanungin ang iyong tagapagkaloob ng anumang mga katanungan na meron ka. Napakahalagang

intindihin ang iyong planong pagppagaling at anumang impormasyon na natanggap sa pagpapagamot.

- Sundin ang plano ng pagpapagaling sa iyo at ang tagapagkaloob na napagsang-ayunan.
- Maging handa sa pagbuo ng malakas na relasyon sa iyong tagapagkaloob na nagpapagaling sa iyo .
- Makipag-ugnay sa plano ng county kung ikaw ay may mga katanungn tungkol sa iyong mga serbisyo o kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung ikaw ay may mga problema sa iyong tagapagkaloob na hindi mo maresolba.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob at ang plano ng county kung ikaw ay may mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kasama dito ang address, numero ng telepono, at anumang ibang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa pakikilahok sa paggaling .
- Turingin ang tauhan ng tagapagkaloob ng pagpapagaling ng respeto at kagandahan-loob.
- Kung iyong pinaghihinalaang may pandaraya o maling Gawain, iulat ito. Maaaring tumawag sa Fraud Hotline sa (800) 822-6222.

DIRECTORYo NG TAGAPAGKALOOB

Kung ikaw ay isang benepisyaryo ng Medi-Cal ng San Diego County o kung sa tingin mo ikaw o ang miyembro ng iyong pamilya ay nangangailangan ng serbisyo sa paggamit ng sanggkap, tumawag sa Access and Crisis Line (ACL) sa (888) 724-

7240 (TTY 711). Ang isang representante ay magsasagawa ng screening at referral sa tagapagkaloob ng DMC-ODS Plan na magsasagawa ng pagtala upang determinahin ang pangangailangang medikal base sa pamantayan ng American Society of Addiction Medicine (ASAM). Kung kinakailangan, ang Access and Crisis Line ay nagbibigay ng awtorisasyon para sa pagpapagaling sa residensyal.

Upang ma-access ang Directory ng Tagapagkaloob na ibinigay sa iyo ng County of San Diego Health and Human Services Agency for Behavioral Health Services, maaaring pumunta sa link sa ibaba:
http://sandiego.networkofcare.org/mh/services/content.aspx?id=6572

Doon mo makikita ang mga serbisyo o mga antas ng pangangalaga na magagamit sa rehiyon at ibang magagamit na impormasyon tulad ng address ng lugar, impormasyon ng kontak, at paggamit ng lengguahe at mga espesipikong kultural na mga serbisyo.

TRANSISYON NG HILING SA PANGANGALAGA

Kailan ako pwedeng humiling ng aking nakaraan, at ngayong out-of-network na tagapagkaloob?

- Pagkatapos sumali sa Plano ng County, maari kang humiling na panatilihin ang iyong out-of-network na tagapagkaloob kung:
  - Paglipat sa bagong tagapagkaloob na maaaring magresulat malubhang kapinsalaan sa iyong kalusugan o maaaring magkaroon ng tiyansya ng pagkahospital o pagpapainstitusyon; at
  - Ikaw ay tumatanggap ng pagpapagaling mula sa out-of-network na tagapagkaloob bago ang petsa ng transisyon sa County Plan.

Paano ko mahihiling na mapanatili ang aking out-of-network na tagapagkaloob?

- Ikaw, ang iyong awrorisadong kinatawan, o ang kasalukuyang tagapagkaloob , ay maaaring magsumite ng hiling sa kasulatan sa County Plan. Maaaring makipag-ugnay sa Access and Crisis Line (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para sa impormasyon kung paano humiling nga mga serbisyo mula sa mga out-of-network na tagapagkaloob.
- Ang County Plan ay magpapadala ng kasulatang pagkilala ng pagtanggap ng iyong hiling at magsisismulang iproseso

ang iyong hiling sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo. days.

Paano kung patuloy kong pinupuntahan ang aking out-of-network na tagapagkaloob pagkatapos ng transisyon sa County Plan?

- Maaari kang humiling ng retroactive na transisyon para sa hiling na pangangalaga sa loob ng trenta (30) na araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng mga serbisyo mula sa out-of-network na tagapagkaloob.

Bakit tinaggihan ng County Plan ang aking transisyon sa hiling ng pangangalaga?

- Ang County Plan ay maaaring tumaggi sa iyong hiling na panatilihin ang nakaraan, at ngayong out-of-network na tagapagkaloob , kung:
    - Nadokumento ng County Plan ang kalidad ng isyu sa pangangalaga ng tagapagkaloob

Ano ang mangyayari kung ang aking transisyon ng hiling sa pangangalaga ay natanggihan?

- Kung tinaggihan ng County Plan ang aking tranmsisyon ng pangangalaga, ito ay:
    - Aabisuhan ka sa kasulatan;
    - Mag-aalok ng isang in-network na alyternatibong tagapangalaga na maghahain ng parehong antas ng

mga serbisyo tulad ng out-of-network na tagapagkaloob; at
    - Ipagbigay alam sa iyo ang iyong mga karapatan upang maghain ng karaingan kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtanggi.
- Kung naghain ang County Plan ng maraming in-network na tagapagkaloob ng mga alternatibo at hindi ka nakagawa ng pagpili, isasangguni at itatalaga ka sa County Plan sa isang in-network na tagapagkaloob at aabisuhan ka ng takda sa kasulatan.

Ano ang aking gagawin kung naaprubahan ang aking transisyon ng pangangalaga?

- Maibibigay sa iyo loob ng pitong (7) araw ng pag-apruba ng iyong transisyon ng hiling sa pangangalaga ng County Plan ang:
    - Ang naaaprubabg hiling;
    - Ang durasyon ng transisyon ng pag-aayos ng pangangalaga;
    - Ang proseso na mangyayari sa transisyon ng iyong pangangalaga sa dulo ng iyong pagpapatuloy ng peryodiko ng pangangalaga, at
    - Ang iyong karapatan sa pagpili ng ibang tagapagkaloob mula sa network ng tagapagkaloob ng County Plan sa anumang oras.

Gaano kabilis maproseso ang hiling ng aking transisyon sa pangangalaga ?

- Makukumpleto ang pagsususri ng transisyon County Plan sa loob ng tatlongpu (30) na araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagtanggap ng County Plan ng iyong hiling .

Ano ang mangyayari sa huli ng periodiko ng aking transisyon sa pangangalaga?

Aabisuhan ka ng County Plan sa kasulatan ng talongpung (30) araw sa kalendaryo bago ang katapusan ng transisyon ng periodiko ng pangangalaga tungkol sa proseso na magaganap sa transisyon ng iyong pangangalaga sa in-network na tagapagkaloob sa dulo ng iyong peryodikong transisyon ng pangangalaga.